



# Mga Pampublikong Paaralan sa North Thurston Ignite Family Academy



## Pagpapahayag ng Pag-unawa

---

### Pagpapatala

Ang mga mag-aaral ay tatanggapin kung may bakante pang natitira.

### Mga Pagtatalaga ng Oras

Bilang isang programa sa pampublikong paaralan, mayroon kaming dalawang pangunahing mga kinakailangan tungkol sa oras:

- Kinakailangan kaming bumuo ng written student learning plan (WSLP) na naglalaman ng tinatayang lingguhang oras ng pag-aaral. Ang WSLP ay isang fluid na dokumento na dapat nakaangkop at nababagay sa mga pangyayari at regular na nagpapakita ng kasalukuyang kaalaman ng iyong anak.
- Ang mga mag-aaral at pamilya ay dapat gumawa ng lingguhang pagkikipag-ugnayan sa aming kawani at magsagawa ng buwanang progreso ng pagsusuri kasama ang gurong tagapayo.
  - Ang lingguhang pakikipag-ugnayan ay kinakailangan ng estado upang matiyak na ang programang family partnership ay napapanatili ng pakikipag-ugnayan sa mga pamilya at inaangkin ang pagpondo para sa mga aktibong mag-aaral na nakapagpatala.
  - Ang buwanang progreso ng pagsusuri ay isang pagkakataon para sa mga pamilya na maibahagi kung ano ang kanilang ginagawa, talakayin ang mga ideya sa kanilang gurong tagapayo at makatanggap ng suporta, kung kinakailangan. Ang pagsusuri ay pagkakataon para sa amin na magsagawa ng mga pagsasaayos sa WSLP.

Ni ang lingguhang mga pagtsek-in o ang buwanang progreso ng pagsusuri ang kadalasang aming mga tinatanong, hinuhusgahan o hinahanap para mapunan ang mga checkbox. Sa halip, ito ay oras upang ipakita, ibahagi at igalang ang pagsusumikap na iyong ginagawa, at gumawa ng anumang mga plano ng pagsasaayos kung kinakailangan/nais. Mas gusto namin na ang karamihan sa mga ito ay nagaganap nang personal, ngunit ang iba pang mga kaayusan ay maaaring gawin kung/kapag kinakailangan.

### Mga Pagtatalaga On-Site

Ang programang ito ay inilaan upang pandagdag sa home-based na pagtuturo, samakatuwid ang karamihan ng oras ay dapat na nakatuon sa iyong pag-aaral sa labas ng site. Pipili ang iyong pamilya kung anong mga kurso ang itatala at samakatuwid ay matutukoy ang iyong iskedyul. Inaasahan namin ang 1-4 na klase para sa pinakabatang mag-aaral at 1-6 para sa mga mag-aaral na nasa gitnang-antas upang mapanatili ang nais ng pamilya para sa balanseng home-based na pagtuturo. Ang aming pag-asa ay ang hindi maramdaman ng mga pamilya na hindi nila kailangang pumunta sa paaralan nang higit pa sa nais nila, habang pinapanatili rin ang isang bukas, naa-access na komunidad ng paaralan.

**Magulang, matanda na tagapag-alaga, o tinalaga na nasa site kasama ng bawat mag-aaral na wala pang 11 taong gulang sa panahon ng kanilang klase sa Ignite.** Napagtanto namin na hindi ito palaging posible para sa mga pamilya. Mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan kung kailangan mo ng ibang tao na nasa site maliban sa magulang o tagapag-alaga. Makikipagtulungan kami sa mga pamilya sa bawat kaso.

### Mga Pagtatasa

Kinakailangan sa batas ng estado na ang lahat ng mga mag-aaral ay natasa, kahit na ang iba ay tumatanggap ng home-based na pagtuturo (mangyaring tingnan [RCW 28A.200.010](#)). Mayroong maraming mga pagpipilian para sa pagtatasa. Maaari kaming tumulong dito. Ang mga mag-aaral na

nakatala sa IFA ng mahigit sa 80 na oras kada buwan sa anumang naibigay na buwan ay kinakailangan na makakuha ng pagtatasa sa estado (SBAC).

### **Handbook ng Mag-aaral**

Ang Handbook ng Mag-aaral ay naglalaman ng mahalagang impormasyon na may kaugnayan sa mga panuntunan ng programa, mga kinakailangan, at sa Nakasulat na Plano ng Pag-aaral ng Mag-aaral (Written Student Learning Plan o WSLP). Ang dokumentong ito ay kailangang repasuhin at unawain ng lahat ng mag-aaral at magulang/tagapag-alaga. Ang access sa binago at na-update na handbook para sa kasalukuyang taon ng paaralan ay ibibigay sa lahat ng pamilya bago sumapit ang unang araw ng pasukan at maaaring i-download mula sa website ng paaralan sa buong taon ng paaralan.

### **Pagpapahayag Tungkol Sa Walang Diskriminasyon/pantay-pantay Na Mga Oportunidad Sa Edukasyon**

Ang Mga Pamublikong Paaralan ng North Thurston ay magbibigay ng pantay-pantay na oportunidad sa edukasyon at sa pagtrato sa lahat ng mag-aaral sa lahat ng aspeto ng programang akademiko at mga aktibidad nang walang kinikilingang lahi, relihiyon, kulay, nasyonalidad, kasarian, edad beteterano o may katayuan sa militar, oryentasyong sekswal, pagpapahayag o pagkakakilanlan ng kasarian, presensya ng anumang kapansanan sa pandama o sa isipan o sa katawan o sa paggamit ng isang asong sinanay na gumabay o hayop na nakakatulong sa isang taong may kapansanan, at nagbibigay ng pantay-pantay na access sa Boy Scouts at iba pang itinalagang mga grupo ng mga kabataan. Ang mga programa ng distrito ay magiging malaya sa sekswal na panliligalig o iba pang panliligalig batay sa anumang katayuang protektado sa ilalim ng patakaran ng ito.

### **Home-based na pagtuturo laban sa Alternatibong Karanasan sa Pag-aaral (Alternative Learning Experience o ALE)**

Alinsunod sa Mga Pamantayan sa Pagpapatupad ng Alternatibong Karanasan sa Pag-aaral, reperensya WAC 392-550 (6)(j)(ii), bago magpatala ang (mga) magulang o tagapag-alaga ay bibigyan ng, at lalagda sa, kasulatan tungkol sa pag-unawa sa pagkakaiba sa pagitan ng home-based na pagtuturo at pagpapatala sa isang alternatibong karanasan sa pag-aaral (Alternative Learning Experience o ALE). Inilagay sa form na ito ang mga buod at salaysay na naglalarawan ng pagkakaiba sa sa pagitan ng Pagtuturo sa Bahay at ng ALE. Mangyaring basahin ang mga paglalarawan na ito at makipag-ugnayan sa amin sa anumang mga katanungan.

#### **Pagtuturo sa Bahay**

- Ibinibigay ng magulang o tagapag-alaga ayon sa pinahihintulutan sa ilalim ng RCW 28A.200 at 28A.225.010.
- Ang mga mag-aaral ay hindi nakatala sa pampublikong edukasyon.
- Ang mga mag-aaral ay hindi sumasailalim sa mga panuntunan at regulasyong namamahala sa mga pampublikong paaralan, kabilang na ang mga kinakailangan sa kurso, pagtatapos, at pagtatasa.
- Ang pampublikong paaralan ay walang obligasyong magturo o magbigay ng mga materyal sa pagtuturo, o hindi kaya'y pangasiwaan ang pag-aaral ng mag-aaral.

#### **Alternatibong Karanasan sa Pag-aaral sa Ignite Family Academy**

- Pinahihintulutan sa ilalim ng WAC 392-550.
- Ang mga mag-aaral ay nakatala sa pampublikong edukasyon nang full-time o kaya'y part-time.
- Ang mga mag-aaral ay hindi sumasailalim sa mga panuntunan at regulasyong namamahala sa mga pampublikong paaralan, kabilang na ang mga kinakailangan sa kurso, pagtatapos, at pagtatasa para sa lahat ng bahagi ng ALE.
- Ang mga karanasan sa pag-aaral ay:
  - Pinangangasiwaan, sinusubaybayan, tinatasa, at sinusuri ng sertipikadong tauhan.
  - Ibinibigay sa pamamagitan ng isang nakasulat na plano ng pag-aaral ng estudyante.

- Ibinibigay nang buo, o baha-bahagi sa labas ng regular na silid-aralan.

**Part-time na Pagtatala ng mga Mag-aaral na Nakakatanggap ng Home-Based na Pagtuturo**

Ang mga mag-aaral na nakakatanggap ng home-based na pagtuturo ay maaaring magpatala sa mga programa ng pampublikong paaralan, kasama ang mga programa ng ALE na part-time at nanatili ang kanilang katayuan sa home-based na pagtuturo. Sa kaso ng part-time na pagpapatala sa ALE, ang mag-aaral ay kailangang sumunod sa mga kinakailangan ng ALE written student learning plan (WSLP), ngunit hindi kinakailangan na lumahok sa mga pagtatasa ng estado (kung nakapagtala ng 80 na oras o mas mababa kada buwan bawat WSLP) o matugunan ang mga kinakailangan sa pagtatapos sa estado.

Nabasa ko na ang mga paliwanag tungkol sa home-based na pagtuturo at alternatibong karanasan sa pag-aaral na ibinigay at nauunawaan ko ang pagkakaiba sa pagitan ng home-based na pagtuturo at ng programang alternatibong karanasan sa pag-aaral kung saan nakatala ang aking anak. Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, pinatutunayan ko na nabasa ko at sumasang-ayon ako sa mga pahayag ng Ignite Family Pre-Acceptance na nakalista sa itaas.

Pangalan ng Mag-aaral (Naka-print): \_\_\_\_\_ Petsa:

\_\_\_\_\_

Pangalan ng Magulang (Naka-print): \_\_\_\_\_

Lagda ng Magulang: \_\_\_\_\_